Pahayag ni **MARIO BOUZA**, Kandidato para sa
Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 6

Trabaho: Negosyante
Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:

Buong buhay ko ay residente ako ng Santa Clara at may-ari ng negosyo sa Santa Clara sa loob ng mahigit 30 taon. Nagpalaki ako ng apat na anak dito, at pumasok sila sa mga lokal na paaralan. Isa rin akong aktibong miyembro ng Rotary ng Santa Clara.

Bilang naka-dalawang terminong miyembro ng Komisyon sa Serbisyong Sibil ng lunsod, kasalukuyan akong miyembro ng Komisyon ng Pagsusuri ng Saligang-batas ng Santa Clara. Malawak ang nalalaman ko sa mga pasikot-sikot sa pagpapatakbo ng ating lunsod. Kung mahahalal sa Konseho ng Lunsod, magsusumikap ako upang matiyak na mabibigyan ng kaalaman ang mga residente at makakasali sa paggawa ng pasiya na makakaimpluwensiya sa kinabukasan ng Santa Clara. Karapatan nating lahat na maramdaman na kabilang tayo sa ating komunidad, sisiguraduhin kong magkakaroon lang ng mga pribadong pulong kung kinakailangan at na igagalang ang mga alalahanin ng ating mga mamamayan.

Makikipagtulungan ako sa kagawaran ng pagpaplano upang makatulong sa paggawa ng mahuhusay na pasiya patungkol sa mga pagtatayo ng imprastraktura para sa maraming tao na makakadagdag sa trapiko, makakabawas sa paradahan at makakaabuso sa mga yaman ng Santa Clara. Kailangan nating gawing napapanahon ang imprastraktura ng ating lunsod bago pahintulutan ang anumang mga karagdagang bagong pagtatayo. Habang lumalago tayo, dapat nating panatilihin ang ating pamana habang nagpaplano para sa hinaharap—at ang pagsusulong ng matalinong pagtatayo ang pinakamainam na paraan para magawa ito.

Kung sama-sama, mapapanatili nating ligtas at magandang lunsod para sa lahat ang Santa Clara.